



## Tayo nang Bumigkas at Bumasa sa Madaling Paraan

Author: **Leonardo L. Maningas**

ISBN: **978-971-649-325-8**

Copyright: **2005**

Paunang Salita:

Ang sanayang aklat na ito, **Tayo nang Bumigkas at Bumasa sa Madaling Paraan**, ay masusing inihanda bilang tugon sa mga pangangailangan ng Early Childhood Education Curriculum sa pag-aaral ng Filipino (Wika at Pagbasa).

Layunin ng sanayang aklat na ito ang malinang ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa paglinang ng mga kasanayan sa pag-aaral ng mga aspekto ng wika – pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat sa medaling paraan.

Upang maging kawili-wili, kasiya-siya, at kapaki-pakinabang ang pag-aaral ng asignaturang ito, ang mga aralin, Gawain, at pagsasanay ay isinaayos sa wastong pagkakasunod-sunod. Gayundin naman ay upang maging susi sa mabilis na pag-unlad ng mga mag-aaral upang sila ay matutong making, magsalita, magbasa at magsulat na nababatay sa damdamin at kaisipan ng isang tunay na Pilipino.

Ang Yunit 1 ay tumatalakay sa wika. Dito nalilintang ang mga kakayahan na nauukol sa sarili, sa mag-anak at sa tahanan, sa paaralan, at sa pamayanan.

Ang Yunit 2 ay tumatalakay sa kahandaan sa pagbasa. Dito nalilintang ang mga kakayahan na nauukol sa pagkilatis pampaningin, pagkilatis ng tunog, pagkilatis pang-ugnayan, at wastong galaw ng mata sa pagbasa.

Ang Yunit 3 ay tumatalakay sa alpabetong Filipino at pagbasa. Dito nililintang ang mga kakayahan na nauukol sa mga patinig, ang mga katinig, at mga hiram na titik. Higit sa lahat, ang pag-unawa sa pagbasa ang pinakatampok na aralin bilang paglalagom ng mga paksa sa pagbasa. Upang maging maginhawa, Masaya, at epektibo ang paggamit ng sanayang aklat na ito ay kinakailangan ang masusing pagsubaybay ng mga guro sa mga mag-aaral sa tuwing ang isang aralin ay inilalahad. Kinakailangan na linangin ng guro ang mga kaisipang kritikal at analitikal sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga aralin sa mga karanasan sa tahanan, sa paaralan, sa silid-aralan, at sa pamayanan. Mas mabisa kung ang mga mag-aaral ay mabibigyan ng maraming pagkakataon at partisipasyon sa mga oras ng saloobin. At sa huli, ang mga pagpapahalaga at saloobin ay kinakailangang linangin sa kasalukuyang sitwasyon n gating bansa tulad ng pagmamahal sa sarili, sa kapwa, sa pamayanan, at sa Diyos.